

PAANO GAWING MALINIS ANG INIINOM NA TUBIG

Hakbang 1:

Kung kinakailangan: Tanggalin ang mga tilad

Upang alisin ang maruruming tilad, isalin ang maruming tubig gamit ang tela o salinan ng kape. Ang pamamaraan na ito ay hindi nakakapagtanggal ng mga micro-organismo. Kailangan pa itong disimpektahin sa init o kemikal.

Hakbang 2a:

Kung possible: Pagdidisimpekta sa init

Pinapatay ng sapat na init ang mga micro-organismo sa maruming tubig kahit hindi pa ito kumukulo. Habang pinakukulo ang tubig, sapat na ang oras na lumipas upang ito ay madisimpektahan. Hindi na kailangan pakuluin ang tubig ng 5 minuto, 10 minuto, o 20 minuto pa tulad ng inirerekumenda ng ilang mga aklat na gabay (guidebooks).

Hakbang 2b:

Kung imposible ang init: Kemikal na Pagdidisimpekta

A) Gamit ang Iodine

Mas epektibo ang iodine sa dali ng gamit at bisa kaysa sa chlorine at mas kaiga-igaya ang lasa. Ligtas ito para sa maikli at kalagitnaang paggamit (3-6 buwan) ngunit hindi pa sigurado kung ito ay ligtas sa pang-matagalang paggamit. Ito ay ipinagbabawal sa mga taong may allergy sa iodine, mga taong may sakit sa boso (thyroid disease) at mga nagdadalang tao. Ihalo ang iodine sa tubig, iwanan ito ng 30 minuto kapag maaraw na panahon o 60 minuto kapag maulap ang panahon.

Paghahanda ng Iodine		
Paghahanda	Iodine	Amount/Liter
Iodine Topical Solution	2%	8 patak
Iodine Tincture	2%	8 patak
Lugol's Solution	5%	4 patak
Povidone-Iodine (Betadine®)	10%	4 patak
Tetraglycine hydroperiodide (Globaline®, Potable Aqua®, EDWGT®)	8mg	1 tableta

B) Gamit ang Chlorine

Anumang karaniwang tatak ng chlorine ay naglalaman ng 5-6% sodium hypochlorite. Para sa 1 litro ng maruming tubig, gamitan ng 4 na patak ng chlorine at maghintay ng 30 na minuto.

Para sa mga 20 litro ng tubig magdagdag ng 80 patak (1 kutsara o 5ml) ng chlorine.

Ang pagsusukat sa pamamagitan ng patak ay mas tumpak at karaniwang pamamaraan ng pagsukat.

Kapag idinagdag ang chlorine sa tubig, iwanan ito ng 30 minuto sa maaraw na panahon o 60 minuto sa maulap ng panahon.